# Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Sa Pagkumpleto Ninyo Nitong Aplikasyon, KINAKAILANGAN Ninyong Ibigay Ang:

- Direksiyon ng Lugar na Tinitirahan Ninyo sa Kodiak, Alaska. Kailangang nakasulat sa inyong aplikasyon ang buong direksiyon ng lugar na tinitirahan ninyo. Hindi sisimulan ang inyong aplikasyon kung hindi ninyo sinulatan ang puwang para sa direksiyon ng tinitirahan o kung ang sinulat ninyo ay isang PO Box, HC No. at Box, PSC Box, Rural Route No., Direksiyon ng negosyo o Direksiyon ng Mail Stop sa guhit 3 ng aplikasyon.

- Kung may numero ang inyong tirahan, isulat ang numerong iyon. Kung wala, isulat ng eksakto kung saan kayo nakatira na tulad ng pangalan ng highway at numero ng milepost, numero ng daungan ng barko, pangalan ng subdibisyon na kasama ang pangalan ng lote at bloke o pangalan ng trailer park at numero ng puwesto, atbp.

- Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan. Kailangang mapatunayan ang inyong pagkatao. Kung mayroon kayong Numero sa Social Security, Lisensiya para sa Pagmamaneho sa Alaska o pagkakakilanlan mula sa Estado ng Alaska, KINAKAILANGAN ninyong isulat sa Guhit 6 ng aplikasyon ang isa man lamang sa mga ito. Kung kahit kailan man ay hindi pa kayo nabigyan ng kahit isa sa mga numero ng pagkakakilanlan, markahan ang kuwadrado sa Guhit 6.

- Petsa ng Kapanganakan. Kailangan ninyong ilagay ang petsa ng inyong kapanganakan.

- Ipapadala ba ninyo itong aplikasyon sa pamamagitan ng koreo o ng fax? Kung ganoon nga, at kung hindi kayo nagbigay ng pagpapatunay ng inyong pagkakakilanlan sa panahon ng pagrehistro, kinakailangang mapatunayan ang inyong pagkakakilanlan. Kung wala kayo ng isa man sa mga numero ng pagkakakilanlan na nakalista sa Guhit 6 ng aplikasyon, puwedeng patunayan ang inyong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagbigay ng kopya ng isa sa mga sumusunod na dokumento:
    - Kasalukuyan at balidong ID na may litrato
    - Lisensiya para sa Pagmamaneho
    - ID card mula sa Estado
    - Pasaporte
    - Sertipiko ng Kapanganakan
    - Lisensiya para sa Hunting at Pangingisda

Pagkatapos ninyong kumpletuhin ang inyong aplikasyon, ipadala ito sa:

**City of Kodiak**
**City Clerk's Office**
**710 Mill Bay Road, Room 110**
**Kodiak, AK 99615**

